*Panalangin ng mga Kristiyano sa Maghapon*

# LITURGY OF THE HOURS

## PANALANGIN SA TAKIPSILIM I

Ika-27 ng Abril, 2024

{ Ika-5 Linggo sa Panahon ng Pagkabuhay ng Panginoon }

LITURGY OF THE HOURS
EBREVIARY

*Tumayo at gawin ang tanda ng krus*

O Diyos, halina at ako'y tulungan.

— O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.

— Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

### Awit

Ating alalahanin na si Hesus ay namatay
At s'ya'y muling nabuhay para sa 'ting kasalanan.
Siya ang ating Diyos, PANGINOONG nagliligtas,
Sa lahat ng panahon, s'ya ang kaligayahan.

Kung tayo ay mamatay kasama ng PANGINOON,
Mabubuhay din tayong kasama ang PANGINOON.

Ating alalahanin na si Hesus ay namatay
At s'ya'y muling nabuhay para sa 'ting kasalanan.
Siya ang ating Diyos, PANGINOONG nagliligtas,
Sa lahat ng panahon, s'ya ang kaligayahan.

Kung tayo ma'y nagtiis kasama ng PANGINOON,
Tayo ri'y maghahari kasama ng PANGINOON.

Ating alalahanin na si Hesus ay namatay
At s'ya'y muling nabuhay para sa 'ting kasalanan.
Siya ang ating Diyos, PANGINOONG nagliligtas,
Sa lahat ng panahon, s'ya ang kaligayahan.

Lahat ay nasa kanya, kahit ating kalungkutan;
Nasa kanya ang lahat maging ating kagalakan.

Ating alalahanin na si Hesus ay namatay
At s'ya'y muling nabuhay para sa 'ting kasalanan.
Siya ang ating Diyos, PANGINOONG nagliligtas,
Sa lahat ng panahon, s'ya ang kaligayahan.

Lahat ay nasa kanya, kahit ating kaligtasan;
Nasa kanya ang lahat maging ating pagmamahal.

Ating alalahanin na si Hesus ay namatay

At s'ya'y muling nabuhay para sa 'ting kasalanan.
Siya ang ating Diyos, PANGINOONG nagliligtas,
Sa lahat ng panahon, s'ya ang kaligayahan.

*Umupo o tumayo*

## Mga Antipona at Salmo

*Antipona 1*

Tulad ng panggabing pag-aalay, itinataas ko sa panalangin sa iyo ang aking mga kamay, aleluya.

*Salmo 141:1-9*

*(Panalangin sa panahon ng panganib)*

Sa iyo, PANGINOON, ako'y dumadalangin
Sa aking pagtawag, ako sana'y dinggin.
Ang aking dalangin sana'y tanggapin mo,
Masarap na samyong handog na insenso;
Ariing panggabing handog ko sa iyo.

O PANGINOON ko, bibig ko'y bantayan,
Ang mga labi ko'y lagyan mo ng bantay.
Huwag mong babayaang ako ay matukso,
Sa gawang masama ay magumon ako;
Ako ay ilayo, iiwas sa lilo,
Sa handaan nila'y nang di makasalo.

Pagka't may pag-ibig, ang mabuting tao
Pwedeng magparusa't pagwikaan ako,
Nguni't ang masama ay hindi ko ibig
Na ang aking ulo'y buhusan n'ya ng langis;
Pagka't ang dalangin at lagi kong hibik,
Ay laban sa gawa niyang malulupit.

Kung sila'y bumagsak tuloy na hatulan,
Maniniwala na ang mga nilalang
Na ang salita mo ay katotohanan.
Tulad ng panggatong na pira-piraso,
Sa pinaglibinga'y kakalat ang buto.

Di ako hihinto, n'yaring pananalig,

Ang pag-iingat mo'y aking ninanais,
H'wag mong itutulot, buhay ko'y mapatid.
Sa mga patibong ng taong balakyot,
Ingatan mo ako, ilayo mong lubos.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Tulad ng panggabing pag-aalay, itinataas ko sa panalangin sa iyo ang aking mga kamay, aleluya.

*Antipona 2*

Pinalaya mo ako mula sa bilangguan, upang makapagbigay-papuri sa iyong pangalan, aleluya.

*Salmo 142*

*(Ikaw, Panginoon, ang aking tanggulan)*

Ako ay humingi ng tulong sa Diyos,
Ako ay dumaing, sa kanya'y lumuhog;
Ang aking dinala'y lahat kong hinaing,
At ang sinabi ko'y pawang suliranin.

Nang ako ay halos wala nang pag-asa,
Ang dapat kong gawi'y nalalaman niya.
Sa landas na aking pinagdaraanan,
May handang patibong ang aking kaaway.

Sa aking paligid, nang ako'y lumingon,
Wala ni isa man akong makatulong.
Wala kahit isa na magsasanggalang,
Ni magmalasakit na kahit sinuman.

Ako ay humibik, sa PANGINOON dumaing,
Sa Tagapagligtas, ako'y dumalangin,
Pagkat siya lamang ang lunas sa akin.
Dinggin ang hibik ko, ako ay tulungan,
Pagkat halos ako'y di makagulapay.
Iligtas mo ako sa mga kaaway,
Na mas malalakas ang mga katawan.

Sa suliranin ko, ako ay hanguin
At ang pangalan mo'y aking pupurihin,
Sa gitna ng madlang mga lingkod mo rin
Sa kabutihan mong ginawa sa akin!

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Pinalaya mo ako mula sa bilangguan, upang makapagbigay-papuri sa iyong pangalan, aleluya.

*Antipona 3*

Natutuhan ng Anak ng Diyos ang pagsunod sa pamamagitan ng pagdurusa, at para sa lahat ng sumusunod sa kanya, siya'y naging bukal ng walang hanggang kaligtasan, aleluya.

*Awit: Filipos 2:6-11*

*(Si Kristo, ang Banal na Lingkod ng Diyos)*

Bagama't siya'y Diyos, hindi nagpilit si Hesus
Na manatiling kapantay ng Diyos,

Bagkus hinubad niya ang lahat ng katangian ng pagka-Diyos.
Nagkatawang-tao at namuhay na isang alipin.

Nang maging tao siya'y nagpakababa
At naging masunurin hanggang kamatayan,
Oo, hanggang kamatayan sa krus.

Kaya naman, siya'y itinampok ng Diyos,
At binigyan ng pangalang higit sa lahat ng pangalan.

Anupa't ang lahat ng nilalang na nasa langit,
Nasa lupa, at nasa ilalim ng lupa,
Ay maninikluhod at sasamba sa kanya.
At ipahahayag ng lahat na si HESUKRISTO ANG PANGINOON,
Sa ikararangal ng Diyos Ama.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Natutuhan ng Anak ng Diyos ang pagsunod sa pamamagitan ng pagdurusa, at para sa lahat ng sumusunod sa kanya, siya'y naging bukal ng walang hanggang kaligtasan, aleluya.

*Umupo*

## Pagbasa ng Salita ng Diyos

*1 Pedro 2:9-10*

Kayo ay isang lahing hinirang, mga saserdote ng Hari, isang bansang nakatalaga sa Diyos. Pinili kayo ng Diyos upang maging kanya at maghayag ng mga kahangahangang gawa niya. Siya rin ang tumawag sa inyo mula sa kadiliman tungo sa kanyang kagila-gilalas na kaliwanagan. Dati-rati, kayo'y hindi bayan ng Diyos, ngunit ngayon, kayo'y bayang hinirang niya. Noon, pinagkaitan kayo ng habag, ngunit ngayo'y sumasainyo ang kanyang awa.

*Tugunan*

Ang mga alagad ay nagalak, aleluya, aleluya.

— Ang mga alagad ay nagalak, aleluya, aleluya.

Nang ang Panginoong muling nabuhay ay kanilang nakita,

— aleluya, aleluya.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.

— Ang mga alagad ay nagalak, aleluya, aleluya.

*Tumayo*

## Papuring Awit ni Maria

*Antipona*

Dadalangin ako sa Ama at kayo'y bibigyan niya ng isa pang Patnubay na magiging kasama ninyo magpakailanman, aleluya.

*Lukas 1:46-56*

*Gumawa tanda ng krus*

Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon,
At nagagalak ang aking espiritu dahil sa Diyos na aking
tagapagligtas.

Sapagka't nilingap niya ang kanyang abang lingkod!

At mula ngayon, ako' y tatawaging mapalad ng lahat ng salinlahi,
Dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng
Makapangyarihan —
Banal ang kanyang pangalan!

Kinahahabagan niya ang mga may takot sa kanya,
Sa lahat ng sali't saling lahi.
Ipinakita niya ang lakas ng kanyang mga bisig,
Pinangalat niya ang mga palalo ang isipan.

Ibinagsak niya ang mga hari mula sa kanilang trono,
At itinaas ang mga nasa abang kalagayan.

Binusog niya ng mabubuting bagay ang mga nagugutom,
At pinalayas niyang wala ni anuman ang mayayaman.

Tinulungan niya ang kanyang bayang Istael,
Bilang pagtupad sa pangako niya saating mga magulang,
Kay Abraham at sa kanyang lahi, magpakailanman!

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Dadalangin ako sa Ama at kayo'y bibigyan niya ng isa pang
Patnubay na magiging kasama ninyo magpakailanman, aleluya.

## Pangkalahatang Panalangin

Sa pagkabuhay mula sa kamatayan, winasak ni Kristo ang kamatayan at ibinalik ang buhay. Manawagan tayo sa kanya at wikain:

— Panginoong Hesus, nabubuhay kang walang hanggan,
dalangin nami'y pakinggan.

Ikaw ang batong tinanggihan ng mga nagtatayo na naging batong panulukan,
gawin mo kaming mga buhay na bato sa templo ng iyong Simbahan.

— Panginoong Hesus, nabubuhay kang walang hanggan,

dalangin nami'y pakinggan.

Ikaw ang matapat at tunay na saksi, ang panganay mula sa mga namatay,
gawin mong laging sumaksi sa iyo ang iyong Simbahan.

— Panginoong Hesus, nabubuhay kang walang hanggan, dalangin nami'y pakinggan.

Ikaw lamang ang Kasintahang Lalaki ng Simbahan, na isinilang mula sa iyong sugatang tagiliran,
tulutan mong maipahayag namin sa sandaigdigan ang pag-ibig ng magkasintahang ikakasal.

— Panginoong Hesus, nabubuhay kang walang hanggan, dalangin nami'y pakinggan.

Ikaw ang siyang simula at ang wakas, ikaw ang namatay at ngayo'y nabubuhay,
panatilihing matapat ang mga tumanggap ng binyag hanggang kamatayan, upang matamo nila ang korona ng tagumpay.

— Panginoong Hesus, nabubuhay kang walang hanggan, dalangin nami'y pakinggan.

Liwanag at ilawan ng banal na lungsod ng Diyos,
magningning sa mga kaibigan naming yumao upang sila'y manahan sa iyo nang lubos.

— Panginoong Hesus, nabubuhay kang walang hanggan, dalangin nami'y pakinggan.

*Ama Namin*

Ama namin, sumasalangit Ka
Sambahin ang ngalan Mo
Mapasaamin ang kaharian Mo
Sundin ang loob Mo
Dito sa lupa, para nang sa langit.
Bigyan Mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw araw.
At patawarin Mo kami sa aming mga sala,
Para nang pagpapatawad namin
Sa mga nagkakasala sa amin.

At huwag Mo kaming ipahintulot sa tukso,
At iadya Mo kami sa lahat ng masama.
Sapagkat Iyo ang kaharian, at kapangyarihan,
At ang kadakilaan, magpakailanman.

## Pangwakas na Panalangin

Amang makapangyarihan,
tulungan kaming maipagdiwang
ang aming kagalakan sa Panginoong muling nabuhay
at upang maipahayag sa aming pamumuhay
ang pag-ibig na aming ipinagdiriwang,
sa pamamagitan ni Hesukristo,
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

— Amen.

*Paghayo*

Pagpalain nawa tayo ng panginoon, iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.

— Amen.

PANALANGIN NG MGA KRISTIYANO SA MAGHAPON

Ang mga tekstong biblikal at mga Papuring Awit na ginamit ay halaw mula sa MAGANDANG BALITA BIBLIA. Karapatang-sipi @ 1973, Philippine Bible Society, U.N. Ave., Manila.

Ang mga titik ng mga Awit at ang mga disenyong pansining ay likha ni Padre Mar DJ Arenas.

Karapatang-sipi @ 1994, LUPON REHIYONAL UKOL SA TAGALOG SA LITURHIYA.

Archdiocesan Liturgical Commission, Manila

mobile prayers

LITURGY OF THE HOURS

EBREVIARY

UNITED STATES OF AMERICA

*www.ebreviary.com*